REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG LUNGSOD NG MUNTINLUPA**
KALAKHANG MAYNILA
TEL. NO. 842-04-22 LOCAL 51
FAX No. 842-5549 • 842-6196 • 842-4926

SANGGUNIANG PANLUNGSOD

KAPASIYAHAN BILANG 95-234

KAPASIYAHAN NA NAGPAPAHINTULOT SA PAMAHALAANG LUNGSOD SA PAMAMAGITAN NG PUNONGLUNGSOD NA MAKABILI NG BIGAS SA NATIONAL FOOD AUTHORITY SA PAMAMAGITAN NG PAG-UTANG.

***************************************************************

SAPAGKAT, patakaran ng Pamahalaang Panglungsod ng Muntinlupa ang makapagbigay ng lubos na kagalingan sa kanyang nasasakupang mamamayan;

SAPAGKAT, ang mga kalamidad, kagipitan at di inaasahang pangyayari tulad ng bagyo, baha, lindol, at sunog ay mga sakunang hindi maiiwasan at mapipigilan, subalit ang resulta nito ay maaaring maibsan kung may kaukulang paghahanda at pag-iingat;

SAPAGKAT, sa kasalukuyan ang "National Food Authority" ay naglunsad ng isang programa ukol sa pagiging handa sa anomang sakuna/kalamidad upang mga mga Pamahalaang Lokal ay mabilis na makakilos at makapagbigay ng kinakailangang tulong/suporta sa pagkain sa mamamayang kanyang nasasakupan na maaaring maging biktima ng nasabing kalamidad;

SAPAGKAT, sang-ayon sa ipinalabas na Memorandum of Agreement ng National Food Authority tungkol sa pagbili ng bigas/butil ng mais na utang, kailangan ang kaukulang kapasiyahan na nagbibigay ng pahintulot sa Pamahalaang Lungsod ng Muntinlupa sa pamamagitan ng Punonglungsod upang makapagsagawa ng kinakailangang kasunduan hinggil dito;

NGAYON, DAHIL DITO, ang Sangguniang Panlungsod ng Muntinlupa ay pinagpasiyahan ang pagkakaloob ng pahintulot sa Pamahalaang Lungsod ng Muntinlupa, sa pamamagitan ng Punonglungsod na makabili ng bigas sa National Food Authority sa pamamagitan ng pag-utang.

PINAGTIBAY NG BUONG PAGKAKAISA ng Sangguniang Panglungsod ng Muntinlupa, sa ika-9 na palagiang pulong na ginanap ngayong ika-4 ng Setyembre, 1995 sa Silid Pulungan ng People's Center, Lungsod ng Muntinlupa.

SUMASANG-AYON:

MGGL. JAIME R. FRESNEDI
Pangalawang Punonglungsod/Pangulong Opisyal

KGG. MELCHOR R. TEVES
Konsehal

KGG. DANTE S. ALMARIO
Konsehal

KGG. RAFAEL R. ARCIAGA
Konsehal

KGG. VICTOR L. ULANDAY
Konsehal

KGG. ALDRIN L. SAN PEDRO
Konsehal

KGG. REYNALDO A. ABAS, JR.
Konsehal

(Liban)
KGG. JO JASON T. ALCARAZ
Konsehal

KGG. REX E. BULAY
Konsehal

KGG. ROMAN E. NIEFES
Konsehal

KGG. ALEJANDRO L. MARTINEZ
Konsehal

KGG. PATRICIO L. BONCAYAO, JR.
Konsehal

KGG. RUFINO B. JOAQUIN
Konsehal

KGG. VICENTE Y. CHUA
Kinatawan ng Sektor
Pangulo
Liga ng mga Punong-Bgy.

KGG. MIGUEL LUIS F. RIOS, JR.
Kinatawan ng Sektor
Pangulo
Pederasyon ng Sang. Kabataan

REPUBLIKA NG PILIPINAS
# PAMAHALAANG LUNGSOD NG MUNTINLUPA
KALAKHANG MAYNILA
TEL. NO. 842-04-22 LOCAL 51
FAX No. 842-5549 • 842-6196 • 842-4926

SANGGUNIANG PANLUNGSOD



PINATOTOHANAN:

NECITO M. GUICO
Pansamantalang Kalihim
Sangguniang Panlungsod

PINAGTIBAY:

MGGL. IGNACIO R. BUNYE
Punonglungsod